
# “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos



# sa sanlibutan ...”

**ni Homer C. Hoeksema**

***Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging bugtong na Anak, upang ang sinumang sa kanya’y sumampalataya ay***

***huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan*.**

**Juan 3:16**

## Pambungad na Pangungusap

Ang polyetong ito ay muling nailimbag buhat sa nauna na ang pamagat ay, "Dakilang Pag-ibig ng Diyos Sa Sanlibutan."

Kahit pa binago ang pamagat nito, ang lathalatin ay pareho pa rin, maliban sa ilang maliliit na pagbabago sa teksto, sa bagong pabalat, at sa maikling "appendix" na wala sa naunang lathalain.

Sa paglalathala sa pagpapatotoo ng aklat na ito, dalangin namin ay ang "Konklusyon" ng Canons of Dordt, patungkol sa gayong katotohanan na nandito:

> Si Jesu Cristo nawa, na Anak ng Diyos, na Siyang naluklok sa kanang kamay ng Ama, na nagbibigay ng mga kaloob sa mga tao, nagpapabanal sa atin sa katotohanan, nagdadala ng katotohanan sa namamali, nagpapatahimik sa mga bibig ng mga naninirang-puri sa tumpak na doktrina, at humuhubog sa matapat na ministro ng Kanyang Salita na may Espiritu ng karunungan at pagpapasya, na sa lahat nilang pangangaral ay maghatid ito ng kaluwalhatian sa Diyos, at ng pagpapatibay sa kanila na nakikinig sa kanila. Amen.

The Evangelism Committee
Crete Protestant Reformed Church
Crete, Illinois, U.S.A

## Paunang-Salita

Ang Juan 3:16 na marahil ang talatang pinakamadalas na mali sa pag-unawa at mali sa paggamit sa buong Banal na Kasulatan. Tinutukoy ko, syempre, ang katotohanang madalas ito ay ipinapaliwanag na ang kahulugan ay iniibig ng Diyos ang lahat ng tao, at ibinigay Niya ang Kanyang Anak para sa lahat ng tao.

Walang maaaring lumayo mula sa katotohanan!

Ang malungkot na bahagi sa maling pagpapakahulugang ito at maling paggamit ay ipinagkakait sa anak ng Diyos, siya na sa kanyang sarili ay ligaw na makasalanan, ang mismong kapanatagan at matibay na katiyakan na nilalayong ipahatid ng Salitang ito ng Diyos.

Maaabot ang layunin ng munting aklat na ito kung ito ay magsisilbi upang salungatin ang maling pagpapakahulugang tinutukoy nito, at positibong maipaliwanag ang teksto ng wasto at maihatid sa mambabasa ang kahanga-hangang soberanong pag-ibig ng Diyos.

Gamitin nawa ito ng Panginoon ayon sa layunin.

- Homer C. Hoeksema

## "… GAYON NA LAMANG ANG PAG-IBIG NG DIYOS SA SANLIBUTAN …"

**ni Propesor Homer C. Hoeksema**

May napakahalagang tanong na nakapaloob sa paksang ito ng babasahin. Ang katanungang ito ay: sino ba ang iniibig ng Diyos? Sa tanong na ito, marapat lamang na tayo ay may wastong kasagutan dito, kung kaya, ito ay ang sagot dapat mismo ng Diyos, ang sagot ng Kasulatan. Itinuturo sa atin ng Juan 3:16, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging bugtong na Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Ano ang "sanlibutan" na inibig ng Diyos? Sino ang kabilang sa sanlibutang ito? Lahat ba ng tao ay kabilang sa sanlibutang ito, o may iilang tao lang ang kabilang dito? At kung may ilang tao lamang ang kabilang sa sanlibutang iyon, sinu-sino sila?

Tinawag ko itong napakapahalagang katanungan; at talagang mahalaga ito.

Dahil, unang una, ito ay mahalaga sa *akin*. Sa pananaw na ito, ang tanong ay maaaring ibalangkas na: iniibig ba *ako* ng Diyos? At sa ganitong pangungusap ang kritikal na kahalagahan ng katanungang ito ay magbibibay ng pahiwatig sa iyo at sa akin. Iniibig ba ako ng Diyos? Maaari ba, nakatitiyak ba ako sa pag-ibig na ito? Kung gayon, maayos ang lahat. Dahil ang pag-ibig ng Diyos ay tunay na mahalaga. Kung iniibig ako ng Diyos, ako kung gayon ay tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Kung iniibig ako ng Diyos, hindi ako mapapahamak. Kung iniibig ako ng Diyos, mawawala ang lahat

sa akin, kahit ang aking buhay, ngunit mananatiling taglay ko ang pinakamahalaga sa lahat. Kung iniibig ako ng Diyos, maaari akong iwan ng aking ama at ina, subalit ibabangon ako ng Panginoon, at mahigpit Niya akong hahawakan sa Kanyang sinapupunan. Subalit sa katulad rin na dahilan, kung hindi ako iniibig ng Diyos, (kung Siya ay napopoot sa akin), ang lahat ay kasamaan. Ako nga ay mapapahamak ng walang hanggan. Kahit sa akin pa ang lahat ng bagay, kahit ang buong sanlibutan, ako na ang pinaka-dukha sa lahat ng mga tao. Ang mukha Niya kung gayon ay laban sa akin dahil sa kasamaan. Ako nga ang magiging pinaka-miserableng tao sa lahat. Haharapin ko ang walang hanggang paghihirap sa impierno, kung saan, may pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin. Tunay nga, ito ay napakahalaga sa lahat ng katanungan para sa sarili. Sino ang iniibig ng Diyos? Iniibig ba Niya ako?

Kailangan ko ng sagot sa katanungang ito. Kailangan ko ang sagot ng Diyos. Hindi ako mahihikayat lang ng tao. Ang sagot ng tao ay hindi makakapagbigay ng kasiyahan sa akin. Walang mas hihigit sa kasagutan mismo mula sa bibig ng Diyos. Saka lang ako magkakaroon ng kapayapaan, kapag narinig ko ang Kanyang tinig, "Anak ko, Akong si Jehovah ay nagmamahal sa iyo!"

Hayaang ang personal na katanungang ito ay sumaiyong kamalayan habang iyong pinagninilayan ang Salitang ito ng Diyos. Hindi lamang dahil totoo na kailangan mo ng agarang kasagutan sa tanong na ito, kundi, totoo rin na sa pagtanggap mo dito sa Salita ng Diyos, ikaw ay haharapin ng katanungang ito na dapat sagutin. Hindi mo ito matatakasan.

Ikalawa at kaugnay pa rin sa nauna, ang katanungang ito ay mahalaga patungkol sa nilalaman ng pangangaral ng ebanghelyo. Kapag ang ebanghelyo ay naipangaral, ang tanong na, "Sino ang iniibig ng Diyos?" ay dapat masagot. At muli, ang sagot dapat ay naaayon sa Kasulatan. Ang sagot

lamang na ito ang dapat ipahayag bilang mabuting balita ni Jesu Cristo. Sinasabi ng teksto na iniibig ng Diyos ang *sanlibutan*. At higit pa rito ang pinaka karaniwang paliwanag sa pahayag na, "ang sanlibutan," ay nangangahulugang iniibig ng Diyos ang *lahat ng tao*, bawat indibidual na kaanib ng sangkatauhan. Ito ang bukas na katuruan ng lahat ng Arminian, o ang mga pulpito ng *free-will* (malayang pagpapasya). Maraming ulit na nating narinig ang ganitong uri ng pangangaral, kung hindi man sa ating iglesia, ay sa radyo o telebisyon. Ayon sa posisyong ito, iniibig ng Diyos ang lahat ng tao. Dahil iniibig Niya ang lahat ng tao, ibinigay ng Diyos ang Kanyang tanging bugtong na Anak. Namatay ang Kanyang bugtong na Anak para sa buong sanlibutan, iyan ay, para sa lahat ng tao, na nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng tao na maligtas. Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng mga makasalanan. At ngayon, nasa makasalanan na ito kung sasampalataya o hindi, ang yakapin ang pag-ibig ng Diyos o hindi, ang maligtas at magtamo ng walang hanggang buhay o ang mapahamak. Ang taliwas na posisyon ay ang pananampalatayang Reformed, na minsan ay tinatawag na *Calvinism*. Nanghahawakan ito na kung ang tao ang pag-uusapan, hindi iniibig ng Diyos ang lahat ng tao, kundi ang Kanyang mga hinirang lamang, sila ang pinili ayon sa Kanyang pagka Soberano kay Cristo Jesus bago pa itatag ang saligan ng sanlibutan. Higit pa rito, itinuturo nito na namatay lamang si Cristo para sa Kanyang mga tupa, sila na mga ibinigay sa Kanya ng Ama. At saka, pinapanatili ng pananampalatayang Reformed na kapag naipahayag ang ebanghelyo ni Cristong napako, ang kaloob na pananampalataya ay iginagawad lamang sa hinirang sa pamamagitan ng muling kapanganakan at epektibong pagtawag na magdudulot ng pagsisisi at pananampalataya at buhay na walang hanggan. Sa madaling salita, ipinapahayag natin na ang pag-ibig ng Diyos ay absolutong soberano at partikular, hindi pangkalahatan at may pasubali, sa pinagmulan nito, sa pahayag, sa pagkilos at mga bunga nito.

Hayag na ngayon sa atin na ang dalawang pananaw sa itaas ay hindi totoo. Kahit maging ang bata ay mauunawaan ito. Iniibig ng Diyos ang lahat ng tao; o iniibig lamang Niya ang Kanyang mga hinirang. Hayag rin na ang nanghahawakan sa gayong mga pananaw ay kapuwa inaangkin na ipinangangaral ang ebanghelyo kapag ipinapahayag nila ang pananaw na ito. Parehong ang Arminian at mga mangangaral na Reformed ay magsasabi na ipinapangaral nila ang ebanghelyo. Inaasahan na ito. Walang mangangaral na lalapit sa iyo at sasabihin na ang ipinapangaral niya ay hindi naaayon sa Biblia. Pareho nilang inaangkin na, "Sinasabi ng Biblia …." Higit pa rito, makikita rin, maliban kung nanghahawakan ka sa imposibleng posisyon na kinakalaban ng Diyos ang sarili Niya, na isa sa mga pananaw na ito (hindi pareho) ay ayon sa mga Kasulatan, at naglalaman ng tunay na pangangaral ng ebanghelyo. At sinumang mangangaral na hindi naayon sa Kasulatan ay hindi dapat magpanggap na siya ay nangangaral nga ng ebanghelyo ni Jesu Cristo.

Kung gayon, paano ito susubukin? Paano natin malalaman kung alin sa itaas ang Salita ni Cristo na naayon sa Kasulatan? Tandaan natin, ang tanong ay hindi kung ano ang nais mo at nais kong isipin patungkol sa katanungang ito. Hindi ito tungkol sa kung alin sa dalawang "ebanghelyong" ito ang pinaka-popular, na tila naghahatid ng pinakamaraming bunga, na tila pinakamainit at mas nakakahikayat. Ang tanong ay hindi kung ano ang pinaninindigan ng teologong ito o iyon. At kahit pa iniibig mo ang iyong iglesia, hindi ito patungkol sa kung ano ang itinuturo ng iyong iglesia. Katunayan, kung talagang iniibig mo ang iyong iglesia, hindi mo hahayaang lumakad ito sa kamalian. Ang nag-iisang tanong ay: ano ba ang sinasabi ng Salita ng Diyos? At ang bawat maalab na Cristiano, na nagnanais maging masunurin sa kalooban ni Cristo, at nagnanais na ang iglesia ay maging matapat sa tawag nito na ipangaral ang ebanghelyo, ay dapat yumukod sa harap ng

Salita. Hindi ka dapat yumukod sa *harap* ko, at sa aking salita; kundi, yumukod kang *kasama* ko sa harapan ng Salita ng Diyos! At maasahan mo ang Salita ng Diyos na magiging maliwanag sa katanungang ito.

Sa ikatlong bahagi, ang tanong na, Sino ang iniibig ng Diyos?" ay may malaking kahalagahan dahil kung mayroon man panahong dapat manindigan ang komunidad ng Reformed sa sangangdaan na may kinalaman sa pangangaral ng ebanghelyo, ito ay ngayon. May katapangan ito na itinuturo sa Reformed ngayon na iniibig daw ng Diyos ang lahat ng tao. Pinaninindigan pa na ang aral na ganito, na makisig na ipinaglaban ng ating mga ninunong Reformed sa Dakilang Synod ng Dordrecht, ay Calvinism. Dumarami ng dumarami ang iglesiang Reformed na may magkakatulad na layunin para sa Arminianismo at sumasama sa kanila upang suportahan ang malawakang paghayo ng samahang ito. Narito ang isa sa halimbawa ng Arminianismo mula sa mga sulatin ng isang propesor na Reformed patungkol sa tekstong ito ng Juan 3:16:

"Gaano magmahal ang Diyos? Labis, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong at nag-iisang Anak. Labis, na Kanyang ibinaba ang Kanyang sarili; Ibinigay Niya ang Sarili. Ang halaga ng pag-ibig ay ipinapakita sa pamamagitan ng halaga ng kaloob. Ibig sabihin, ito ay walang iba kundi ang walang katapusang pag-ibig.

"Pag-ibig na walang limitasyon! Magagawa ba ng walang katapusang pag-ibig na magkaroon ng hangganan sa nasasakupan nito? Magagawa ba ng pag-ibig na makakamit ng lahat na maging para lamang sa pinaglaanan nito ng pag-ibig? Magagawa ba ng walang katapusang pag-ibig ng pagkakatawang-Tao na para lamang sa ilang bahagi ng sangkatauhan? Parang hindi. Hindi rin ito ang itinuturo ng Biblia. Sa halip sinabi sa atin, 'Inibig ng Diyos ang *sanlibutan* na ibinigay Niya." Maging ito man ay cosmos o sangkatauhan,

ang 'sanlibutan'sa talatang ito ay maliwanag na nasasakop ang lahat ng tao. Sa hindi pagsala ng *exegesis* nito, ang tumutubos na pag-ibig ng Diyos ay hindi lamang sa ilang natatanging grupo. Maging ang wika man sa talatang ito ni ang pinakamalawak na nilalaman ng Kasulatan ay magpapahintulot sa anumang pakahulugan, na iniibig ng Diyos ang lahat ng tao."

At muli, pansinin mo ang matapang na pahayag na ito: "Kapag ang iglesia ay ayaw sabihin sa anumang paraan na namatay si Cristo para sa lahat ng tao, at tumangging sabihin ito sa mga di-mananampalataya (karagdagan pa sa 'iniibig ka ng Diyos,' 'namatay si Cristo para sa iyo'), inilalagay nito ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos sa ilalim ng isang di-makatuwirang sagabal."

Ngayon, kung iyan nga ang direksyong pinupuntahan ng mga kalalakihang ito ng Reformed, hayaang hayagan nilang itakwil ang posisyong ito ng Reformed, at ng mga Kapahayagang Reformed bilang di-naaayon sa Kasulatan. Subalit huwag nating hayaang madaya ang sinuman na ang Arminianismo ay may anumang pagkakatulad sa pananampalatayang Reformed. Hindi ito magkatulad. At hayaang ang lahat ng umiibig sa katotohanan ng Salita ng Diyos at naglalayong maging matapat sa Salita ay suriin ang bagay na ito na kasama ko. Ating ilagay sa pagsubok ang katanungang ito sa Banal na Kasulatan.

Sino ba ang iniibig ng Diyos?

Sumasagot ang ating teksto sa Juan 3:16, "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa *sanlibutan*..." Unang una, ating tingnan ang bagay na ito ayon sa pananaw ng salitang "sanlibutan" sa Kasulatan. Ang salitang ito ba ay nangangahulugan talaga na lahat ng tao? Ito ay paulit-ulit na itinuturo. At aaminin ko na ito ay isang napakadaling pagpapalagay na magagawa. Walang dudang marami ang tinatanggap ang pag-aangking ito nang mabilis, at

naniniwalang ang kahulugan ng Juan 3:16 ay iniibig ng Diyos ang lahat ng tao.

Subalit ilagay natin ito sa payak na pagsubok ayon sa Kasulatan. Una sa lahat, ating suriin ang ilang mga talata ng Kasulatan na gumamit ng kaparehong salita.

Sa panalangin ng Panginoong Jesus bilang punong-pari, pinangalagaan para sa atin sa parehong pagsasalaysay ng ebanghelyo ni Juan, sa kabanatang 17, talatang 8 at 9, ating mababasa na: "Sapagkat ang mga salitang ibinigay mo sa akin ay ibinigay ko sa kanila, at kanilang tinanggap, at totoong nalaman na ako ay nagmula sa iyo, at naniwala silang ikaw ang nagsugo sa akin. Idinadalangin ko sila. Hindi ang sanlibutan ang idinadalangin ko, kundi para doon sa mga ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y iyo." Mula sa talatang ito, kung ihahambing sa Juan 3:16 maliwanag na una, ang salitang "sanlibutan" dito sa Juan 17 ay hindi katulad ng sa Juan 3. Naging maliwanag ito mula sa payak na punto na hindi idinadalangin ni Jesus ang "sanlibutang" ito. At tiyak, magiging paglapastangang ipalagay na hindi idinadalangin ng Panginoong Jesu Cristo ang sanlibutang iniibig ng Diyos. Ikalawa, maliwanag sa salitang "sanlibutan" ng Juan 17 na ito ay hindi tumutukoy sa lahat ng tao. Malinaw ito mula sa katotohahanang ang Panginoong Jesus ay gumawa ng napakalinaw na pagkakaiba sa pagitan ng Kanyang mga alagad, na sumampalatayang isinugo Siya ng Ama, na mga ibinigay kay Jesus, at mga sa Ama, sa isang dako, at ang sanlibutan, sa kabilang dako. Pansinin: "Idinadalangin ko sila. Hindi ang sanlibutan ang idinadalangin ko, kundi para doon sa mga ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y iyo." Ikatlo, maliwanag din na ang inibig ng Diyos sa Juan 17 ay hindi ang mismong sanlibutan, kundi silang mga ibinigay ng Diyos kay Cristo na siyang pagkakaiba nila sa sanlibutan.

Ating sunod na buksan ang 1 Juan 2:15-17. Sinasabi rito: "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan. Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan. Ang sanlibutan at ang pagnanasa nito ay lumilipas, ngunit ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananatili magpakailanman." Muli, maliwanag dito na ang salitang "sanlibutan" ay hindi posibleng mangahulugan na lahat ng tao, at hindi posible (at hindi talaga magiging posible) na pareho ang tinutukoy rito mula sa Juan 3:16. Dahil una, posible ba na ibigin ng Diyos ang sanlibutan, na ayon sa bilin Niya sa Kanyang bayan, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, na gaya sa sanlibutan na Aking iniibig?" At ikalawa, ang salitang sanlibutan na sinasabi sa 1 Juan 2 ay lilipas. Posible ba na ang sanlibutang iniibig ng Diyos ay lilipas? Ang itanong ang mga katanungang ito ay ang sagutin sila.

Ang mga ito ay dalawa lamang sa maraming mga talata sa Biblia na makikita ang salitang "sanlibutan". Subalit saanman makita ang salitang ito sa Kasulatan, at anuman ang maging kahulugan ng salitang "sanlibutan", maaari mong subukin ang bawat talata, at matutuklasan mo na ang salitang ito ay *hindi puwedeng nangangahulugan lamang na lahat ng tao*. Walang paraan ng exegesis ang makapaninindigan sa maling palagay na ito.

Ikatlo, huwag nating kalimutan na ang gayon ding Kasulatan na nagsasabi ng pag-ibig ng Diyos ang siyang nagsasabi rin ng kabaligtaran ng Kanyang pag-ibig, ito ay ang Kanyang maka-Diyos na poot. Kaya kung totoo na iniibig ng Diyos ang lahat ng tao, totoo rin dapat na wala Siyang kinapopootang *sinoman*. Subalit kung ang Kasulatan ay hindi masisira, at kung ito ay maipapakita ng mismong Kasulatan na ang Diyos ay napopoot kahit sa isang tao lang, ang kasunod nito ay hindi iniibig ng

Diyos ang lahat ng tao, at ang salitang “sanlibutan” sa Juan 3:16 ay hindi posible na may kahulugang lahat nga ito ng tao.

Ating suriin ang Kasulatan na may pananaw sa tanong na ito.

Sa Mga Awit 5:4, 5 ating mababasa: “Sapagkat ikaw ay hindi isang Diyos na nalulugod sa kasamaan; ang kasamaan ay hindi mo kasamang naninirahan. Ang hambog ay hindi makakatayo sa iyong harapan, kinapopootan mo ang lahat ng mga gumagawa ng kasamaan.” Sa Mga Awit 11:5, 6 ating mababasa: “Sinusubok ng Panginoon ang matuwid at ang masama, at kinapopootan ng kanyang kaluluwa ang nagmamahal sa karahasan. Sa masama ay magpapaulan siya ng mga baga ng apoy; apoy at asupre at hanging nakakapaso ang magiging bahagi ng kanilang saro.” At sa Roma 9, isang kabanatang mahalaga para sa katanungang ito, ating mababasa sa mga talatang 10-13: “At hindi lamang iyon; kundi gayundin kay Rebecca nang siya'y naglihi sa pamamagitan ng isang lalaki, na si Isaac na ating ama. Sapagkat bagaman ang mga anak ay hindi pa isinisilang, at hindi pa nakakagawa ng anumang mabuti o masama, (upang ang layunin ng Diyos ay manatili alinsunod sa pagpili, na hindi sa pamamagitan ng mga gawa, kundi doon sa tumatawag) ay sinabi sa kanya, ‘Ang nakatatanda ay maglilingkod sa nakababata.’ Gaya ng nasusulat, ‘Si Jacob ay aking minahal, ngunit si Esau ay aking kinasuklaman.’”

Sa lahat ng mga talatang ito, makikita mong ganap na may kaliwanagan na may pagkapoot ng Diyos gayundin may pag-ibig ng Diyos, at ang ilang tao ay napapasailalim sa banal na pagkapoot, habang ang iba naman ay napapasailalim sa banal na pag-ibig.

Kaya naman, ang una nating kasagutan sa tanong na, “Sino ang iniibig ng Diyos?” ay marapat lang na maging negatibo: hindi iniibig ng Diyos ang lahat ng tao. Tayo ay maging

mapagpakumbabang sumunod sa maliwanag na katotohanang ito ng Salita ng Diyos.

Dahil dito, ang ipahayag na iniibig ng Diyos ang lahat ng tao ay hindi totoo, at taliwas sa mandato sa iglesia na ipangaral ang Salita. Higit pa rito, ang mapagpanggap na ebanghelyo ay nakapangwawasak sa pansariling katiyakan ng Cristiano sa pag-ibig ng Diyos. At tandaan mo, sa buong pagsaalang-alang natin sa mga salitang ito, ang mahalagang tanong pa rin, iniibig ba ako ng Diyos?

Ang sumunod nating sisiyasatin ay ang katanungang, "Iniibig ba ng Diyos ang lahat ng tao?" mula sa ibang pananaw patungkol sa pag-ibig mismo ng Diyos.

Una, ating pansinin na mariing sinasabi ng teksto ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Iyan ay nagpapahiwatig na ang pag-ibig ng Diyos ay makapangyarihan sa lahat kung paanong Siya ay makapangyarihan sa lahat, soberano kung paanong Siya ay soberano, di-nagbabago kung paanong Siya ay Nag-iisang Di-nagbabago, at kaya naman ang pag-ibig ng Diyos ay magagawang humanap at makasumpong at mailigtas nito ang pinag-aalayan ng pag-ibig. Kaya, kung ang Diyos ay may malaking pag-ibig sa sanlibutan kaya ibinigay Niya ang Kanyang nag-iisang bugtong na Anak para sa kaligtasan ng sanlibutang ito, posible ba na ang sanlibutan, o anumang bahagi ng sanlibutang ito, ay mapapahamak? Subalit ang Kasulatan mismo ang maliwanag na nagtuturo sa atin na hindi lahat ng tao ay ligtas. Mayroong libu-libo at milyun-milyong tao ang hindi makakasumpong ng buhay na walang hanggan, na hindi madadampian ng pag-ibig na ito ng Diyos. Kaya ang pagpili ay malinaw. Alinman sa paninindigan mo na iniibig ng Diyos ang lahat ng tao, at pagkatapos ay tatanggapin mo ang bunga na ang pag-ibig ng Diyos ay walang lakas upang abutin at iligtas ang pinaglaanan Niya nito at upang matamo ang layunin nito – na ang mismong kaisipan nito ay mapamusong; o kikilalanin

mo na ang makapangyarihan sa lahat, soberano, at mabisang pag-ibig ng Diyos ay hindi para sa lahat ng tao.

O, sa ikalawa, isaalang-alang mo ang pag-ibig ng Diyos mula sa pananaw ng pahayag nito, at ito ay ang kaloob ng Diyos na Kanyang bugtong na Anak. Ang pag-ibig na ito ng Diyos ay *nakatutubos*. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Anak sa takdang panahon, upang Siya ay mamatay sa krus, at Kanyang ibigay ang Sarili sa dambana ng matuwid na pag-ibig ng Diyos bilang isang ganap na handog para sa kasalanan, para sa kasalanan ng mga inibig ng Diyos. Posible ba na ang kaloob na Anak ng Diyos ay lubos o bahagyang mawawalan ng kabuluhan? Upang patibayin ito, maaari ba na kahit isang patak ng Kanyang mahalagang dugo ay nabuhos para sa tao, at pagkatapos ang taong iyon ay mapapahamak ng walang hanggan? Ganito dapat ang maging kalabasan kung maninindigan tayo na ang pag-ibig ng Diyos at ang pagbibigay Niya ng Kanyang bugtong na Anak ay para sa lahat ng tao.

O muli, ating isaalang-alang sa ikatlong bahagi ang pag-ibig ng Diyos, mula sa pananaw ng pagpapahayag nito. Milyun-milyong mga tao, kapwa mula sa luma at bagong panahon, ay hindi nakapakinig ng pag-ibig ng Diyos. Ibig sabihin, hindi ito naipangaral sa kanila. Subalit puwede ba na iibigin ng Diyos ang sinuman, iibigin ng lubos na ibibigay ang Kanyang bugtong na Anak para sa kanya, at pagkatapos hindi Niya sasabihin dito ang Kanyang pag-ibig? Isang kakaibang pag-ibig ng Dios ito! Sasabihin mo marahil, kabiguan kasi ito ng iglesia upang ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng tao? Subalit hindi ba soberano at makapangyarihan sa lahat ang Diyos, upang maipangaral ang ebanghelyo sa sinumang maibigan Niya? At hindi ba't ang nakakasakop sa pangangaral ng ebanghelyo ay usapin ng Kanyang soberanong determinasyon at pagsusugo? Paano nga sila mangangaral, malibang sila ay isinugo – isinugo ng Diyos kay Cristo?

Subalit ngayon, ating harapin ang katanungan ng positibo: sino ang iniibig ng Diyos? Sino ang inibig Niya ng walang hanggan? Sino ang lubos na inibig ng Diyos na Kanyang ibinigay ang Kanyang tanging bugtong na Anak?

Ang sagot ng Juan 3:16 ay ganito: Inibig ng Diyos ang sanlibutan, ang *cosmos*. Ang pangkalahatang kahulugan ng salitang ito ay pagkakaugma, isinaayos na mabuti, kagandahan. Mula rito ang ating salitang "cosmetics." Ang salitang ito ay ginamit na ang kahulugan ay ang nilikhang kalawakan, lahat ng nilalang sa langit at sa lupa, bilang kabuuang buhay, mula sa pananaw ng kaayusan nito at pagkakaugma. Ang pangunahing kaisapang ito ay hindi nawala ayon sa katagang ginamit sa iba't ibang pananalita sa Kasulatan. Madalas, ang salitang "sanlibutan" sa Kasulatan ay tumutukoy sa sangkatauhan, o sa isang bahagi ng sangkatauhan. Dahil ang tao ay malapit na magkakaugnay sa sanlibutan maliban sa kanya, sa katunayan, nakatayo sa pang-ulo ng kalawakang gaya ng alam natin, nabubuhay at kumikilos at umuunlad sa kalawakang ito, ang salitang "sanlibutan" kahit pa mayroon itong tao na nakikita, hindi di-ibinibilang ang kalawakan, kundi ipinapakahulugan ang sangkatauhan bilang buhay na magkaka-ugnay na may kaayusan sa buong sangnilikha.

At habang ang katagang "sanlibutan" ay ginagamit sa Kasulatan upang ipakahulugan ang kabuuan ng mga itinakuwil, masasamang tao, dahil sila ay nasa kadiliman, at dahil sinasailalim nila ng lahat ng mga bagay sa kanilang kalawakan sa kanilang sariling makasalanang kaisipan at kalooban, at ginagamit ang lahat ng mga bagay sa paglilingkod sa kasalanan, ginagamit sa Juan 3:16 upang ipakahulugan ang kabuuang bilang ng mga hinirang bilang buhay, ang katawan ni Cristo, ang iglesia, na may kaugnayan muli sa buong kalawakan. Alalahanin nating palagi na sa Kanyang mga hinirang, hindi lamang inililigtas ng Diyos ang ilang bilang ng

mga tao. Inililigtas ng Diyos ang isang bagay na may buhay, isang buong sanlibutan!

Nagpapahiwatig ito, na una, nang iligtas ng Diyos ang Kanyang hinirang na bayan kay Cristo Jesus, inililigtas sila ng Diyos na isang tunay na buhay na lahi ng sangkatauhan. Maraming mga tao ang naliligaw; subalit ang sangkatauhan ay naligtas. Ngunit, ikalawa, may higit pang ginawa ang Diyos. Hindi lamang ang hinirang na katawan ni Cristo ang naligtas, kundi inililigtas din ng Diyos at niluluwalhati ang buong sangnilikha. Ang buong sangnilikha, na tumataghoy at nasasaktan hanggang ngayon, dahil napapasailalim sa kawalan ng kabuluhan dahil sa kasalanan at sumpa, ay sasali sa maluwalhating paglaya ng mga anak ng Diyos. Ang buong sanlibutan ng mga hinirang ng Diyos at ng lahat ng mga nilalalang, buhay na ipinaglihi, inibig ng Diyos at inililigtas. Ang katotohanang ito, na inililigtas ng Dios ang bagay na may buhay, ay nagpapaliwanag din kung bakit, kahit na maraming nilalang ang naliligaw, ang sanlibutan gayunman ay naligtas. Kapag, halimbawa, ang isang magsasaka ay maglinis ng kanyang mga punong-kahoy, at ngayon ang isang malaking bunton ng mga sanga ay naipon sa lupa at sinunog, hindi mo tiyak sasabihing tinupok niya ang kanyang mga puno at ang kanyang ubasan. Hindi, ang mga puno ay ligtas; ang ubasan ay nananatiling nakatayo. Subalit ang ilang mga sanga ay nawasak. Kaya naman, hindi ang mga napahamak, kundi ang mga naligtas ang bumubuo, kasama ng iba pang nilikha, ng sanlibutang inibig ng Diyos. Kapag ang lahat ng naligaw ay inihiwalay sa wakas mula sa sanlibutan sa araw ng paghuhukom, ito pa rin ang sanlibutan na naligtas. Ang sanlibutan sa Juan 3:16 ay sanlibutan kay Cristo, ang Panganay sa bawat nilalang, na binuo ng Diyos sa Kanyang walang pasimula at soberanong panukala, at isang araw ay mahahayag at makikita sa ganap na ugnayan nito at makalangit na kagandahan at kaluwalhatian, pinagkaisa sa Anak ng Diyos.

Iyan ang sanlibutan na inibig ng Diyos!

Ang teksto ay nagsasaad ng isang malalim at pinagpalang hiwaga, isang hiwaga na mas nagiging malalim at pinagpala habang tayo na mga dukha, kahabag-habag, mga makasalanang nilalang mula sa alabok, ay mapapatigil upang isaalang-alang ang kamanghaang ito.

Ating isaalang-alang sandali ang implikasyon ng isang ito, na payak, at malimit uliting katotohanang: *Inibig* ng Diyos ang sanlibutan.

Ibig sabihin, sa Kanyang soberano at walang hanggan at di-nagbabagong isipan, minasdan ng Diyos ang sanlibutang ito sa ganap nitong kagandahan kay Cristo Jesus, ang Panganay sa bawat nilalang, at pinapaging-isa ang sanlibutang ito sa Kanyang banal na Pusong-Ama sa bigkis ng pagiging ganap. Ang Kanyang puso ay para sa sanlibutang iyon. Siya ay nabibighani sa sanlibutang iyon. Kahit sa panahong ang sanlibutan ay naligaw sa kasalanan at matinding kahirapan, at nasa ilalim ng sumpa, inibig pa rin ng Diyos ang sanlibutan. Pinananabikan Niya ang sanlibutang iyon. Hindi Siya matitigil, wika nga, hanggang sa matagpuan Niya ang sanlibutang iyon, iligtas ito, dalhin ito sa Kanyang Sarili ng mga tali ng pagmamahal, at mahigpit itong ikapit sa Kanyang puso, ligtas sa daungan ng buhay na walang hanggan, kung saan maibibigay Niya ang lahat ng kabutihan ng Kanyang pag-ibig sa sanlibutang ito sa lubos nitong kaganapan.

Isaalang-alang mo rin ito: Inibig ng *Diyos* ang sanlibutan. Hindi lamang ang Ama, na Unang Persona sa Banal na Trinidad, ang umibig sa sanlibutang ito. Hindi lang ang ating Panginoong Jesu Cristo ang umibig sa sanlibutan. Tiyak na hindi gayon, na kinapopootan ng Diyos ang sanlibutan, kundi dumating ang ating Panginoong Jesu Cristo at sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at pagtubos ay binago nito ang poot ng Diyos upang

maging pag-ibig. Subalit iniibig ng Diyos, na Siyang walang hanggang pinagpalang Diyos na Trinidad, ang sanlibutan. Ang pag-ibig na ito ay buhat sa Ama, sa pamamagitan ng Anak, at sa Espiritu Santo. At hindi lamang ang pag-ibig, kundi gayundin ang kaloob ay buhat sa Diyos na Trinidad. Ibinigay ng Ama ang Anak sa Espiritu Santo; at ibinigay ng Anak ang Kanyang sarili sa Espiritu.

Ah, kung itatanong mo, "Gaano nagmahal ang Diyos?" huwag mong susubukang limitahan ang walang limitasyong katangian ng pag-ibig na iyon sa pagsasalarawang inibig ng Diyos ang "lahat ng tao." Sa kabila ng lahat, iyan ay pagtatangka na isalarawan ang walang katapusang pag-ibig ng Diyos sa klase ng pag-ibig na may limitasyon. Tunay nga, na walang hanggan ang pag-ibig ng Diyos. Ito ay walang limitasyon. Wala itong kinikilalang hangganan. At nakasaad sa ating teksto hindi sa termino ng mga *pinag-ukulan* ng pag-ibig na iyon, kundi sa kahanga-hanga at mahiwagang *kapahayagan* ng pag-ibig na ito. Gaano nagmahal ang Diyos? Ibinibigay ng teksto ang kasagutan: "Inibig ng Diyos ang sanlibutan, *na ibinigay niya ang kanyang tanging bugtong na Anak!"*

Isaalang-alang mo ito. Kung mamasdan mo ang krus ng Kalbaryo, na labas sa liwanag ng pahayag, makikita mo doon ang isang lalaking nakabitin sa punong isinumpa. At sa tao lamang na ito hindi mo makikita ang kapahayagan ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos. Subalit ang Salita ng krus ay: Ibinigay ng Diyos ang Kanyang tanging bugtong na Anak! At sa nag-iisang Anak na ito, na ipinako sa krus ng Golgota, ay nagliliwanag ang kahanga-hangang ilaw ng pag-ibig ng Diyos sa ating gabi, naglalagos, tumutusok, nilalamon ang madilim na kahatulan at kamatayan. Ang pag-ibig na ito ay kasinlakas ng kamatayan. Ang paninibugho nito ay mabagsik na tulad ng libingan. Ang mga uling nito, ay mga uling ng apoy, na may ningas na sobrang init. Hindi mapupuksa ng maraming tubig ang pag-ibig na ito; ni malulunod man ito ng buong baha ng

ating sala at kasamaan. Sapagkat ibinigay ng Diyos ang Kanyang nag-iisang bugtong na Anak! Ibinigay Niya Siya na Siyang walang hanggang nasa sinapupunan ng Ama, Siya na nilalaman at kinatawan ng lahat Niyang pag-ibig, Siya na pinagbuhusan ng lahat ng walang katapusang pag-ibig ng Ama, Diyos ng Diyos, Liwanag ng Liwanag, Kanyang tanging Anak, ang Kanyang lahat, Kanyang Sarili.

*Ibinigay* Siya ng Diyos! Malaya Siyang ibinigay Niya. Hindi dahil napipilitan Siyang gawin ito, kundi dahil iyon ang nais Niyang gawin, nagnanais na ipahayag ang Kanyang walang katapusang pag-ibig. Ibinigay Niya Siya hindi dahil nararapat Siyang ibigay sa sanlibutan bilang kaloob, kundi ng malaya, soberanong biyaya. At ibinigay Niya Siya, na ibig sabihin, ibinigay Niya Siya bilang isang handog para sa kasalanan, ibinigay Niya Siya sa kamatayan, ang kamatayan sa krus, at ibinuhos sa Kanyang ulo ang lahat ng mga mangkok ng Kanyang nag-aalab at banal na poot. Ito ay hiwaga ng mga hiwaga! Ibinigay ng Diyos ang Diyos! Hindi mo ba nakikita na ito mismo ang kamangha-manghang malalim na kahulugan nitong Salita ng Diyos? May malaking kapalit ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan! Ito ay ang lahat-lahat sa Diyos!

Dahil, una, alalahanin mo na ang Persona ng Anak ng Diyos ang Siyang dumating na gaya sa wangis ng isang makasalanang laman. Tinanggap Niya sa Sarili ang lahat nating mga kasalanan, at nagdusa at namatay sa Kalbaryo. At tiyak, magiging maingat tayong ipahayag na patungkol sa Kanyang kalikasan bilang Diyos, hindi Niya magagawa at hindi Siya magdurusa; lahat ng Kanyang matinding pagtitiis sa kamatayan at impierno ay ang pantaong kalikasan lamang ang nagdusa. Subalit kaalinsabay din nito, walang dapat magkamali (*dogmatically*) ng unawa upang hindi masira ang hiwaga na ito ay walang iba kundi ang tanging *bugtong na Anak ng Diyos* na Siyang nagdusa sa krus! Samantalang ang lahat ng matinding pagtitiis sa Kalbaryo ay nagbigay pagdurusa lamang sa

pantaong kalikasan, gayunman inihahatid ang ating pansin ng Salita ng Diyos sa katotohanang sa Kalbaryo ang minamasdan mo ay ang nagdurusang Anak ng Diyos, at sa pagdurusang ito masusukat mo ang walang katapusang kataasan at kalaliman ng pag-ibig ng Diyos. Dahil ikalawa, kahit sa Kalbaryo hindi mo dapat *papaghiwalayin* ang Tatlong Persona ng Banal na Trinidad. Upang makatiyak, ang Persona ng Anak ng Diyos ay namatay sa Golgota; subalit ang Kanyang kamatayan ay kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos na Trinidad! Ang Diyos mismo ang nagdusa ng matinding pagtitiis ng kamatayan sa laman ng ating Panginoong Jesu Cristo. O, kung ipapaliwanag sa ibang paraan, naiisip mo ba na ang Ama at ang Espiritu Santo ay malungkot na pinagmamasdan ang tanging bugtong na Anak na mamatay sa puno? Hindi, imposible iyon! Ang mensahe ng pag-ibig ng Diyos, ang Salita ng krus ay ito: *Hindi ipinagkait* ng Diyos ang Kanyang sariling Anak! Kapag hinarap, sa ganito, kung ibibigay ba ang Kanyang tanging bugtong na Anak o hahayaan na lang mapahamak ang sanlibutan, inibig ng Diyos ang sanlibutan kaya ibinigay Niya ang Kanyang Anak upang mamatay sa krus.

Gayon ang pahayag ng walang katapusang pag-ibig ng Diyos. At sa dulo, matatamo ng pag-ibig na ito ang walang hanggang buhay: "upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Ang sanlibutang ito mismo ay napapahamak dahil sa kasalanan at sa sala at kabulukan. Napakalaki ng kapangyarihang ito ng kasalanan at sala kaya walang paraan upang matakasan kung ang pag-uusapan ay ang sanlibutan. Subalit ang sanlibutang ito ay naligtas sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ng Anak ng Diyos. Nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan ng kaligtasan, ng karunungan, at ng katuwiran at pagpapabanal at lubos na katubusan. At hiwalay sa Kanya na Siyang buhay at pagkabuhay na muli, ay walang buhay ang

sanlibutan. Kaya naman, ang sanlibutang ito ay dapat ipagkaisa sa Anak ng Diyos, at sa pamamagitan Niya sa puso ng Dios. Dapat itong makaisa Niya, maging kabahagi ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli. At ang bigkis na nagpapaisa sa sanlibutang ito sa Kanya ay ang pananampalataya. Ang pananampalataya ay bigkis na kaloob ng Diyos ng pakikipagkaisa kay Cristo. Ang gawaing ito na nagmumula sa bigkis na iyan ay ang pagsampalataya, na dito ang tao ay may kamalayang kumakapit kay Cristo, ang tanging bugtong na Anak ng Diyos, bilang kapahayagan ng tumutubos na pag-ibig ng Diyos. Ang pananampalatayang ito, bilang bigkis at kapangyarihan at bilang pagkilos, ay hindi sa ating mga sarili: ito ay kaloob ng Diyos, na soberanong iginawad sa lahat ng mga kaanib na hinirang ng sanlibutang ito na inililigtas ng Diyos sa mapagmahal na katubusan.

At kaya naman sinasabi ng Salita ng Diyos: "upang ang sinumang sa kanya'y *sumampalataya* ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Ang lahat, (walang di-kasama), na sasampalataya ay hindi mapapahamak. Sila ay may buhay na walang hanggan ngayon, ayon sa prinsipyo nito. Sila ay magtitiis hanggang sa wakas, iingatan sa kapangyarihan ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos. At sa araw ng ating Panginoong Jesu Cristo, sila ay magtatamo ng ganap na buhay na walang hanggan. Pagkatapos dadalhin sila ng Diyos sa Kanyang sinapupunan magpakailanman, at mararanasan nila ang pinakamataas na pagkatanto sa tipan ng pakikipagkaibigan sa Kanyang makalangit na tabernakulo, at makikita nila Siya ng mukhaan.

Sa katapusan, balikan natin ang naunang tanong, at itanong ito mula sa pansariling pananaw. Sino ba ang iniibig ng Diyos? Iniibig ka ba Niya? Iniibig ba Niya ako? Ang tanong ko: naniniwala ka ba sa tanging bugtong na Anak ng Diyos? Kung gayon, makakatiyak ka ng Kanyang pag-ibig, at dito ka lang makakatiyak. At pagkatapos, sasaiyo, at magiging

magpakailanman ang kaloob ng buhay na walang hanggan. At tandaan mong mabuti: hindi *dahil* sumampalataya ka, kundi dahil inibig ka ng Diyos, inibig ka ng walang hanggan, soberano, di-nagbabagong pag-ibig. Luwalhatiin ang Kanyang Pangalan!

## KARAGDAGAN
## (APPENDIX)

### **“HINDI NANGANGAHULUGANG ‘LAHAT NG TAO NA WALANG DI-KASAMA’ ANG ‘SANLIBUTAN’ NG JUAN 3:16”**

ni Rev. David J. Engelsma

Pangkaraniwan ngayon sa mga taong *Reformed* na, kung may nagpapahayag ng paghirang ng Diyos sa ibang tao upang maligtas, partikular sa pag-ibig sa hinirang, at sa bukod-tanging pagnanais ng Diyos na iligtas ang mga hinirang, ang kanyang pahayag ay agad inilalaban sa pag-apela sa Juan 3:16: “Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging bugtong na Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” Tunay nga, halos ganito ang patakaran. Ang taong umaapela sa Juan 3:16 ay naglalayong palabasing iniibig ng Diyos ang lahat ng tao na walang di-kasama at ninanais ng Diyos na iligtas ang lahat ng walang di-kasama. Ang pangunahing pagpapalagay sa Juan 3:16 patungkol sa pag-apela dito, bilang argumento laban sa paghirang, ay ang salitang, *sanlibutan*, sa Juan 3:16 na nangangahulugang ‘lahat ng tao na walang di-kasama.’

Ating ipinapanagawan dito, ipinapahayag, at itinatampok na ang ganitong pagpapalagay ay kasinungalingan. Ito ay di-biblikal. Nilalabag nito ang isa sa mga aral na lumilihis sa pangunahin ng ebanghelyo. Ang salitang, *sanlibutan*, sa Juan 3:16 ay hindi nangangahulugang ‘lahat ng tao na walang di-kasama.’

Nagsusumamo kami sa ating mga kapatid na Reformed na pinipilit unawain ang "sanlibutan" sa Juan 3:16 bilang 'lahat ng tao na walang di-kasama' at sa paggamit sa talatang ito laban sa kapahayagan ng partikular na pag-ibig ng Diyos para sa mga hinirang na harapin ang posisyon ng aral na kanilang sinasabi. Ganito ang kanilang posisyon ngayon:

- Iniibig ng Diyos ang lahat ng tao na walang di-kasama, ng pag-ibig na ibinibigay ng Kanyang tanging bugtong na Anak para sa kanilang kaligtasan, iyan ay ang pag-ibig na nakapagliligtas na nagnanais ng kanilang kaligtasan mula sa kasalanan at sa kanilang buhay na walang hanggan sa langit.

- Ibinigay ng Diyos ang Kanyang tanging bugtong na Anak para sa lahat ng tao na walang di-kasama, iyan ay, namatay si Jesus para sa lahat ng tao na walang di-kasama.

- Gayunman, maraming tao na iniibig ng Diyos, na mga ninais ng Diyos na maligtas, at inalayan ni Jesus ng kamatayan ang mapapahamak sa impierno, mga di-ligtas.

- Kaya naman, 1) maraming tao ang nahiwalay mula sa pag-ibig ng Diyos; 2) ang pagnanais ng Diyos na magligtas ay nauwi sa kabiguan para sa maraming tao; at 3) nabigo ang kamatayan ni Jesus upang iligtas ang marami na, katunayan pa nga, para sa kanila namatay ang Anak ng Diyos.

- Ang dahilan sa malungkot na kalagayan ng pangyayaring ito ay dahil ang mga taong iyon ay tumangging sumampalataya kay Jesus, kahit pa

magagawa naman nila ayon sa bisa ng kanilang malayang kalooban (*free will*).

- Sa kabilang banda naman, ang dahilan kaya ang iba ay naligtas ay hindi dahil inibig sila ng Diyos, ninais ang kanilang kaligtasan, at ibinigay ang Kanyang Anak upang mamatay sa kanila (dahil inibig din naman Niya ang mga napahamak, at ninais ang kaligtasan, at ibinigay ang Kanyang Anak para sa kanila), kundi dahil, ayon sa kanilang malayang kalooban, pinili nila ang sumampalataya.

- Ang konklusyon, ang kahatulan ng masama ay ang pagkalupig at kabiguan ng Diyos, samantalang ang kaligtasan ng mga mananampalataya ay sarili nilang gawa.

Kapag binanggit ng mga taong lahat-ng-tao-na-walang-di-kasama ang Juan 3:16, ganito nila ito binabasa: "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao na walang di-kasama, na ibinigay niya ang kanyang tanging bugtong na Anak upang mamatay para sa lahat ng tao na walang di-kasama, na may pagnanais na ang lahat ng tao na walang di-kasama ay maligtas, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya, ayon sa kanyang malayang kalooban, ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Sa tuwing hinahamon ng sinuman ang kapahayagan ng partikular at nabubukod na pag-ibig ng Diyos para sa Kanyang mga hinirang sa pamamagitan ng pagbanggit ng Juan 3:16, malungkot nating ipinapalagay, na siya ay nanghahawakan sa posisyon ng aral na nasa itaas at nagnanais ipahayag sa publiko, upang iwaksi ang doktrinang Reformed ng pagtatalaga, limitadong katubusan, lubos na kasamaan, makapangyarihang biyaya, at pangangalaga sa mga banal (na

siya lamang detalyadong pagsasabi, na ang kaligtasan ay sa biyaya lamang – ang ebanghelyo).

Ang salitang *sanlibutan*, sa ebanghelyo ni Juan ay hindi nangangahulugang 'lahat ng tao na walang di-kasama.' Patunay:

- Juan 1:29: "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" Napawi ba ni Cristo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ang kasalanan ng lahat ng tao na walang di-kasama? Kung ginawa Niya ang gayon, ang lahat ng tao na walang di-kasama ay maliligtas.

- Juan 6:33: "Sapagkat ang tinapay ng Diyos ay ang bumababang mula sa langit at nagbibigay ng buhay sa sanlibutan." Ibinigay nga ba ni Jesus ang Kanyang buhay (hindi sa walang kabuluhang *paghahandog* ng buhay, kundi makapangyarihang *ibinigay* ang buhay) sa lahat ng tao na walang di-kasama? Kung ginawa Niya ang gayon, lahat ng tao na walang di-kasama ay may buhay na walang hanggan.

- Juan 17:9: "Idinadalangin ko, hindi ang sanlibutan." Tumatanggi ba si Jesus na idalangin ang lahat ng tao na walang di-kasama?

Ang huling talata ay nagbibigay-diin na ang salitang, *sanlibutan*, sa ebanghelyo ni Juan ay hindi palaging may katulad na kahulugan. Sa Juan 3:16, ang sanlibutan ay inibig ng Diyos, ng pag-ibig na nagbibigay ng Anak ng Diyos alang-alang dito; sa Juan 17:9 naman, ang Anak ng Diyos ay tumatangging idalangin ang sanlibutan. Ang mga banal ay hindi dapat mauwi sa pang-unawa sa sanlibutan ng Juan 3:16 na may mabilis na pagpapalagay, kundi sa pamamagitan ng

maingat na pagpapakahulugan ng talata sa liwanag ng kabuuan ng Kasulatan.

Ano kung gayon ang katotohanan patungkol sa sanlibutan na nasa Juan 3:16? Ang sanlibutan ay naligtas dahil inibig ng Dios ng Banal, makapangyarihan sa lahat, epektibo, matapat at walang hanggang pagmamahal ng Diyos. Lahat ng ito! Lahat sila!

Ang sanlibutan ay naligtas dahil tinubos sa pamamagitan ng mahalaga, nararapat, makapangyarihan, epektibong kamatayan ng Anak ng Diyos. Lahat ng ito! Lahat sila!

Ang kaligtasan ng lahat ng tao na kasama sa sanlibutan ng Juan 3:16 ay dahil lamang sa epektibong pag-ibig ng Diyos at tumutubos na kamatayan ni Cristo para sa kanila; samantalang ang mga taong napahamak ay hindi inibig ng Diyos, ni tinubo ni Cristo, sila ay hindi bahagi ng sanlibutan na nasa Juan 3:16.

Ang sanlibutan ng Juan 3:16 (sa Griego: *kosmos*, kung saan nagmula ang salitang Ingles na, *cosmos*, na tumutukoy sa ating "maayos, nagkakatugma, sistematikong kalawakan") ay ang sangnilikha na ginawa sa Diyos sa pasimula, na ngayon ay nagulo dahil sa kasalanan, kasama ng mga hinirang mula sa lahat ng mga bansa, na ngayon ayon sa kalikasan ay naging mga anak ng pagkapoot kasama ng iba, na siyang pinaka-sentro nito. Patungkol sa mga tao nito, ang sanlibutan sa Juan 3:16 ay ang bagong sangkatauhan kay Jesu Cristo, na Siyang huling Adan (1 Corinto 15:45). Tinatawag ni Juan ang bagong lahi ng tao na "ang sanlibutan" upang ipakita, at bigyang-diin, na hindi ito mula sa bayan ng mga Judio lamang, kundi mula ito sa lahat ng mga bansa at bayan (Apocalipsis 7:9). Ang bayan na bumubuo sa sanlibutan ng Juan 3:16 ay silang lahat, at sila lamang, na magiging mananampalataya ("sinumang sasampalataya"); at ito ay ang hinirang na sumampalataya (Mga Gawa 13:48).

Ang paliwanag na ito ng Juan 3:16 ay hindi kakaiba, bagong pagpapakahulugan ng mga Hyper-Cavinist sa huling panahon, kundi ang paliwanag na ibinigay sa nakalipas ng mga tagapagtanggol ng Pananampalataya na tinatawag nating *Reformed*, ng mga nagpahayag ng soberanong biyaya ng Diyos sa kaligtasan ng mga makasalanan.

Ganito ang paliwanag na ibinigay ni Francis Turretin, isang *Reformed theologian* sa Geneva (1623-1687):

> Ang pag-ibig na nabanggit sa Juan 3:16… ay hindi maaaring pangkalahatan para sa lahat at bawat isa, kundi, ito ay espesyal para sa iilan… dahil ang patutunguhan ng pag-ibig na iyan na ninais ng Diyos ay ang kaligtasan nila na Kanyang pinagkalooban ng gayong pag-ibig… Kaya kung isinugo ng Diyos si Cristo para sa layuning ito, na sa pamamagitan Niya ang sanlibutan ay maliligtas, alinman sa mabibigo Siya sa Kanyang layunin, o ang sanlibutan ay kinakailangang maligtas sa katunayan. Subalit tiyak na hindi ang buong sanlibutan, kundi ang mga pinili lamang mula sa sanlibutan ang naligtas; kung gayon, sa kanila wastong tinutukoy ang pag-ibig na ito… Bakit hindi nga maaaring ang *sanlibutan* dito ay hindi tumutukoy sa pangkalahatan para sa bawat tao, kundi walang katiyakan para sa sinuman, mga Judio gayundin ng mga Hentil, walang pagtatangi ng bansa, wika at kalagayan, upang masabing inibig Niya ang sangkatauhan, gayon din naman na nais Niyang wasakin ito ng lubos ngunit itinalagang iligtas ang ilang tao mula rito, hindi lamang mula sa isang bayan gaya ng dati, kundi mula sa lahat na walang pagtatangi, bagaman ang epekto ng pag-ibig na ito ay hindi dapat umabot sa bawat indibiduwal, kundi sa iilan lamang, na ito ay ang mga pinili mula sanlibutan? (*Theological Institutes*).

Patungkol naman sa salitang, *sanlibutan,* sa Kasulatan, isinulat ng isang *Dutch theologian* na si Abraham Kuyper (1837-1920) ang ganito:

> Sapagkat kung mayroong anumang katiyakan mula sa isang mapagmasid na pagbabasa ng Banal na Kasulatan, at mapanghahawakang matibay, ay ang di-matatanggihang katotohanan, na ang salitang, *sanlibutan*, sa Banal na Kasulatan, ay nangangahulugang "lahat ng tao," bilang isang napaka-bihira lamang at bukod-tangi at halos palaging nangangahulugang ibang-iba sa lahat.

Sa paliwanag ng *sanlibutan* ng Juan 3:16, nagpatuloy si Kuyper sa pagsasabing ang tinutukoy ay ang "*proper kernal*" ng sangnilikha, ang hinirang na bayan ng Diyos, "na inagaw ni Jesus mula kay Satanas."

> ….isang araw, mula sa *kernal* na ito, mula sa kapulungang ito, mula sa bayang ito, isang "bagong sanlibutan," isang "bagong lupa at bagong langit," ang makikita sa pamamagitan ng kahanga-hangang gawa ng Diyos. Ang mundo ay hindi lamang magsisilbi upang hayaang maligtas ang mga hinirang, upang pagkatapos ay mawala lang. Hindi, ang hinirang ay mga *tao*; ang mga taong ito ang bubuo sa *kabuuan*, tinipon, may buhay; ang buhay na ito ay nakaugat sa *paglikha*; at dahil ngayon, ang sangnilikha ay lumalarawan sa karunungan ng Diyos at sa gawa ng Kanyang mga kamay, ang pamamahala ng Diyos dito ay hindi mauuwi sa wala, kundi sa Dakilang Araw ang kalooban ng Diyos sa sangnilikhang ito ay ganap na mauunawaan. (*Dat De Genade Particulier Is* [That Grace is Particular]. Ang salin ko nito sa Ingels mula sa wikang Dutch).

Ganito rin ang pagpapakahulugan ni Arthur W. Pink (1886-1952):

> Buksan natin ngayon sa Juan 3:16, maging maliwanag dapat mula sa mga talatang binanggit na ang talatang ito ay hindi tataglayin ang pagkakabuong karaniwang inilalagay dito. "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa *sanlibutan.* Maraming nagpapalagay na ang kahulugan nito, ay Ang buong sangkatauhan. Subalit kasama sa "buong sangkatauhan" ang lahat ng tao mula kay Adan hanggang sa pagtatapos ng kasaysayan ng lupa: aabot ito pabalik gayundin sa pasulong! Kaya isaalang-alang mo, ang kasaysayan ng sangkatauhan *bago* ipanganak si Cristo. Hindi mabilang ang nabuhay at namatay bago dumating ang Tagapagligtas sa lupa, namuhay dito, "walang pag-asa at walang Diyos sa mundo," at sa gayon ay napasa walang katapusang pighati. Kung "inibig" *sila* ng Diyos, nasaan ang katiting na katunayan niyon? Ipinahahayag ng Kasulatan na "Noong nakaraang mga panahon (mula sa tore ng Babel hanggang pagkatapos ng Pentecostes) ay hinayaan niya (ng Diyos) ang *lahat* ng mga bansa na lumakad sa kanilang mga sariling daan" (Mga Gawa 14:16). Ipinapahayag ng Kasulatan na "At palibhasa'y hindi nila minabuting kilalanin ang Diyos, *hinayaan sila* ng Diyos sa isang mahalay na pag-iisip, upang gawin ang mga bagay na hindi nararapat." (Mga Taga Roma 1:28). Sa Israel ay sinabi ng Diyos, "Kayo *lamang* ang aking nakilala sa lahat ng angkan sa lupa" (Amos 3:2). Sa malilinaw na talatang ito, sinong hangal ang magpupumilit na inibig ng Diyos sa nakalipas ang buong sangkatauhan! Ito rin ay magagamit na may patas na lakas sa hinaharap… Subalit ang tumututol ay babalik sa Juan 3:16 at sasabihing, "Ang kahulugan ng Sanlibutan ay *sanlibutan*." Totoo, subalit naipakita na natin na "ang sanlibutan" ay hindi nangangahulugang

buong sambahayan ng sangkatauhan. Ang katotohanan ay ginamit "ang sanlibutan" sa *pangkalahatang* paraan… Ngayon, ang unang bagay na dapat pansinin na may kaugnayan sa Juan 3:16 ay nakikipag-usap doon ang Panginoong Jesu Cristo kay Nicodemo, isang lalaki na sumampalataya na ang kaawaan ng Diyos ay *sumasakanilang* sariling bayan. Ipinahayag doon ni Cristo na ang pag-ibig ng Diyos sa pagbibigay sa Kanyang Anak ay may mas malaking bagay na tinatanaw, na ito ay dumadaloy sa kabila ng hangganan ng Palestino, umaabot sa "malalayong rehiyon." Sa madaling salita, ito ang pagpapahayag ni Cristo na ang Diyos ay may layunin ng biyaya para sa mga Hentil gayundin sa mga Judio. Kaya ang "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa *sanlibutan*," ay nangangahulugan, na ang pag-ibig ng Diyos ay pang ibayong-dagat ang sakop. Subalit ibig ba nitong sabihin ay iniibig ng Diyos ang bawat isa sa mga Hentil? Hindi naman sa ganoon, dahil sa nakita natin na ang salitang "sanlibutan" ay pangkalahatan sa halip na tiyakan, naka-ukol sa halip na may katiyakan… ang "sanlibutan" sa Juan 3:16 sa huling pagsusuri, ay dapat tumutukoy sa sanlibutan ng bayan ng Diyos. *Masasabi* natin, dahil walang ibang hahalili sa *solusyong* ito. Hindi maaaring mangahulugan na buong sangkatauhan, dahil kalahati ng sangkatauhan ay nasa impierno na nang dumating si Cristo sa lupa. Di-makatarungang ipagpilitan na ibig sabihin nito ay bawat taong nabubuhay ngayon, dahil ang bawat talata sa Bagong Tipan kung saan binanggit ang *pag-ibig* ng Diyos ay *nalilimitahan lamang sa Kanyang sariling bayan* – saliksikin at nang makita mo! Ang tinutukoy ng pag-ibig ng Diyos sa Juan 3:16 ay pareho rin sa inibig ni Cristo sa Juan 13:1: "Bago magpista ng Paskuwa, alam na ni Jesus na dumating na ang oras ng kanyang pagpanaw sa sanlibutang ito patungo sa Ama. Yamang minamahal niya ang sariling

> kanya na nasa sanlibutan, sila ay kanyang minahal hanggang sa katapusan." Inaamin natin na ang ating pagpapakahulugan sa Juan 3:16 ay hindi isang nobela na nilikha lamang natin, kundi, katulad na bagay na ibinigay din ng mga Repormador at mga Puritan, at marami pang iba na nauna sa kanila. (*The Sovereignty of God*)

Mamamangha lamang tayo na ang mga kalalakihan at mga kababaihan ng *Reformed* ay kaagad naalis mula sa katotohanan ng soberano, partikular, at humihirang na pag-ibig ng Diyos kay Jesu Cristo, ng katotohanang hindi lamang ipinahayag "ng mga Repormador at mga Puritan" na nauna sa kanila, kundi ipinahayag din mismo ng *Reformed* na iglesia sa kanyang Credo, ang *Canons of Dordt*.

Sino ang nanggayuma sa kanila?

Para sa atin, tayo ay determinado, dahil sa pag-ibig sa katotohanan, na labanan ang kasinungalingan ng isang pag-ibig ng Diyos kay Jesu Cristo para sa lahat ng mga tao na walang di-kasama; na subukang sagipin silang mga nabihag ng doktrinang ito; at ipangaral at ipatotoo sa kanilang mga nasa malalapit at malalayo, sa kapanahunan at di kapanahunan, ang isang pag-ibig ng Diyos para sa sanlibutan na *nagliligtas* sa sanlibutan, isang kamatayan ng Anak ng Diyos na *tumubos* sa sanlibutan, isang layunin ng Diyos sa pagliligtas ng mga makasalanan na naisakatuparan, at isang kaligtasan sa naaliping mga makasalanan sa pamamagitan ng soberanong kapangyarihan lamang ng biyaya ng Diyos – para sa kapanatagan ng bawat mananampalataya at kaluwalhatian ng Diyos.